Bumangon ako kasama ng Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, para magdasal isang gabi. Tumindig siya at binigkas ang Kabanata Al-Baqarah. Wala siyang nadaraanang isang talata ng awa malibang tumitigil siya at humihiling. Wala siyang nadaraanang isang talata ng parusa malibang tumitigil siya at nagpapakupkop.

Ayon kay `Awf bin Mālik Al-Ashja`īy, malugod si Allah sa kanya, na nagsabi: "Bumangon ako kasama ng Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, para magdasal isang gabi. Tumindig siya at binigkas ang Kabanata Al-Baqarah. Wala siyang nadaraanang isang talata ng awa malibang tumitigil siya at humihiling. Wala siyang nadaraanang isang talata ng parusa malibang tumitigil siya at nagpapakupkop." Sinabi: "Pagkatapos ay yumukod siya nang singtagal ng pagkakatayo niya. Nagsasabi siya sa pagkakayukod niya: Subḥāna dhi -ljabarūti, wa -lmalakūti, wa -lkibriyā'i, wa -l`adhamah (Napakamaluwalhati ng may kapangyarihan, paghahari, dangal, at kadakilaan). Pagkatapos ay nagpatirapa siya nang singtagal ng pagkakatayo niya. Pagkatapos ay nagsasabi siya sa pagkakapatirapa niya ng tulad niyon. Pagkatapos ay tumindig siya at binigkas ang Kabanata Āl `Imrān. Pagkatapos ay bumigkas siya ng kabanata-kabanata."
[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Ipinababatid ni `Awf bin Mālik Al-Ashja`īy, malugod si Allah sa kanya, na nagdasal siya kasama ng Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ng tahajjud isang gabi. Tumindig ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, at binigkas ang Kabanata Al-Baqarah. Wala siyang nadaraanang isang talatang nababanggit dito ang awa at ang Paraiso malibang hinihiling niya ang awa at ang Paraiso ni Allah. Wala siyang nadaraanang isang talatang nababanggit dito ang parusa malibang nagpapakupkop siya kay Allah laban sa parusa. Pagkatapos ay yumukod siya nang matagal na singtagal ng pagkakatayo niya. Nagsasabi siya sa pagkakayukod niya: "Subḥāna dhi -ljabarūti, wa -lmalakūti, wa -lkibriyā'i, wa -l`aḍamah (Napakamaluwalhati ng may kapangyarihan, paghahari, dangal, at kadakilaan)." Nangangahulugan ito: Ipinahahayag ko ang kasakdalan ni Allah, ang may-ari ng panggagapi at pananaig, ang may-ari ng paghahari nang hayagan at patago, ang may-ari ng karangalan, at ang may-ari ng kadakilaan. Pagkatapos ay nagpatirapa siya nang singtagal ng pagkakatayo niya. Pagkatapos ay nagsasabi siya sa pagkakapatirapa niya ng tulad ng sinabi niya sa pagkakayukod niya. Pagkatapos ay tumindig siya at binigkas ang Kabanata Āl `Imrān. Pagkatapos ay bumigkas siya ng kabanata-kabanata.